

Original Article

Antas ng Paggamit at Pananaw sa Artipisyal na Intelhensiya ng mga Mag-aaral Sa Kolehiyo: Batayan sa Pagbuo ng Alituntunin para sa Responsableng Paggamit ng AI

Rheniel Mae Alcala ^{1, *}, Cristy Alinsunurin ¹, Samantha Claire Baloloy ¹,
Irish Joy Moras ¹, Zijay Pereda ¹

Received: 15 June 2026; Revised: 05 August 2026;

Accepted: 13 August 2026; Published: 17 August 2026

DOI: <https://doi.org/10.66074/K8X2V5C7B>

Abstrak

Ang mabilis na paglaganap ng Artipisyal na Intelhensiya (AI) sa larangan ng edukasyon ay nagbukas ng iba't ibang oportunidad at kasabay nito ay nagbigay ng mga hamon kaugnay ng responsable at etikal na paggamit nito. Ang pananaliksik ay naglalayong matukoy ang antas at pananaw ng paggamit ng kolehiyong tagapagkatuto sa Artipisyal na Intelhensiya (AI) sa kanilang akademikong gawain. Ang mga resulta ay magsisilbing batayan sa pagbuo ng isang alituntunin para sa responsableng paggamit ng AI. Gumamit ang mga mananaliksik ng mixed-method na disenyo partikular na ang explanatory sequential, na kung saan unang nakalap ang kwantitatibong datos na sinundan ng kwalitatibong datos. Binubuo ang mga respondente ng 178 na tagapagkatuto mula sa iba't ibang antas ng kursong Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon sa Larangan ng Filipino ng Pamantasan ng Cabuyao. Ginamit sa pag-aaral na ang stratified sampling technique upang matiyak ang tamang bilang ng mga respondente mula sa bawat antas. Samantala, para sa kwalitatibong bahagi pinili ang mga kalahok na may karanasan sa paggamit ng AI at nakapagsagot sa isinagawang sarbey. Lumabas sa pag-aaral na sumasang-ayon ang mga mag-aaral na nakatutulong ang AI sa paggawa ng kanilang presentasyon, takdang-aralin, akademikong sulatin, at pag-aayos ng gramatika. Batay sa resulta ng pananaliksik may makabuluhang pagkakaiba batay sa edad, antas, at pamilyaridad sa AI. Bagamat malaki ang naitutulong ng

¹ Pamantasan ng
Cabuyao, Cabuyao
City, Laguna
*alcalarhenielmae@g
mail.com

AI sa edukasyon hindi lubos na umaasa dito ang mga mag-aaral. Kaya naman mahalagang magkaroon ng malinaw na polisiya para sa responsableng paggamit ng AI sa edukasyon.

Susing-salita: artipisyal na intelihensiya, estratehiya sa pagtuturo, pinagsamang pamamaraan, responsableng paggamit, teknolohiyang pang-edukasyon

Abstract (English)

The rapid integration of Artificial Intelligence (AI) in education presents both opportunities and challenges, particularly in ensuring its ethical and responsible use. This study aims to determine the extent and perspectives of college learners regarding the utilization of AI in their academic tasks. The findings will serve as the basis for developing guidelines on responsible AI use. Employing a mixed-method design, specifically an explanatory sequential approach, the researchers first gathered quantitative data followed by qualitative insights. The respondents consisted of 178 learners from various levels of the Bachelor of Secondary Education major in Filipino program at Pamantasan ng Cabuyao, selected through stratified random sampling to ensure representation across year levels. For the qualitative phase, participants with prior experience in AI use and who completed the survey were chosen. Results revealed that students agree AI is helpful in preparing presentations, assignments, academic writings, and grammar correction. Significant differences were observed based on age, academic level, and familiarity with AI. The AI provides substantial support in education, students do not rely on it entirely. Thus, the establishment of clear policies is essential to promote the responsible use of AI in academic contexts.

1. Introduksyon

Ang artipisyal na intelihensiya (AI) ay isa sa mga makabagong teknolohiyang may malaking ambag sa transpormasyon ng lipunan sa kasalukuyang panahon. Bilang isang sistemang may kakayahang magsagawa ng mga gawaing karaniwang iniuugnay sa katalinuhan ng tao, tulad ng pag-unawa, pagdedesisyon, pagsusuri ng datos, at pagsasalingwika, nagsisilbi itong mahalagang kasangkapan sa iba't ibang larangan gaya ng agham, industriya, komunikasyon, at higit sa lahat, edukasyon.

Sa ulat ng Digital Education Council (2024), tinatayang 86% ng mga tagapagkatuto sa iba't ibang panig ng mundo ang gumagamit ng artipisyal na intelihensiya, at 66% sa kanila ang gumagamit ng ChatGPT bilang pangunahing kasangkapan sa kanilang pag-aaral. Sa Pilipinas naman, tinatayang nasa 48% hanggang 49% ng populasyon ang gumagamit ng AI sa iba't ibang layunin, kung saan 52% ng mga gumagamit nito ay kabilang sa henerasyong Z at ginagamit ito para sa

mga gawaing pang-akademiko, ayon sa Truelogic (2024). Ayon kina Altememy et al. (2023), bagama't positibo ang pananaw ng mga tagapagkatuto hinggil sa kapakinabangan ng AI, malaki pa rin ang epekto ng kakulangan sa literasing pang-artipisyal na intelihensya sa wastong paggamit at pagtanggap sa teknolohiyang ito. Ipinahihiwatig nito ang pangangailangang higit pang paunlarin ang kaalaman at kamalayan ng mga tagapagkatuto hinggil sa responsable at wastong paggamit ng AI upang maiwasan ang maling pagdepende rito.

Ang pag-aaral na ito ay nagsaalang-alang ng iba't ibang teorya bilang batayan sa pananaw at paggamit ng mga tagapagtuto sa artipisyal na intelihensya (AI). Una, ginamit sa pag aaral ang Teorya ng Pagtanggap sa Teknolohiya (Technology Acceptance Model o TAM) ni Davis (1987). Ipinaliliwanag ng teoryang ito na ang pagtanggap ng tao sa teknolohiya ay nakabatay sa dalawang pangunahing salik: ang persepsyon sa kapakinabangan nito (perceived usefulness) at ang persepsyon sa madaling paggamit nito (perceived ease of use). Ikalawa, nakasandig din ang pag-aaral sa Teorya ng Ugnayan ng Tao, Damdamin, Pag-iisip, at Pagkilos (Interaction of Person Affect-Cognition-Execution o I-PACE Model) Brand et al. Batay sa pag-aaral hinggil sa I-PACE na modelo, ginamit ito upang ipaliwanag kung paano naaapektuhan ng mga personal at emosyonal na salik ang labis na paggamit ng teknolohiya. Ikatlo, ginamit din sa pag-aaral ang Pinag-isang Teorya ng Pagtanggap at Paggamit ng Teknolohiya (Unified Theory of Acceptance and Use of Technology o UTAUT) Venkatesh et al. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang UTAUT bilang batayan upang suriin ang pagtanggap ng mga tagapagkatuto at guro sa paggamit ng mga kagamitang may artipisyal na intelihensya sa edukasyon.

Sa kabila ng lumalawak na bilang ng mga pag-aaral hinggil sa paggamit ng Artipisyal na Intelihensya (AI) sa edukasyon, karamihan sa mga ito ay nakatuon sa pangkalahatang antas ng paggamit, pagtanggap sa teknolohiya, o epekto nito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang disiplina at institusyon. Bagama't nakapagbigay ang mga naunang pag-aaral ng mahahalagang pananaw tungkol sa mga benepisyo at hamon ng AI, nananatiling limitado ang mga pananaliksik na nagsusuri sa ugnayan ng antas ng paggamit, pananaw, at AI literacy ng mga mag-aaral sa loob ng isang tiyak na programang pang-akademiko, lalo na sa larangan ng edukasyong pangwika.

Higit na kapansin-pansin ang kakulangan ng mga pag-aaral na nakatuon sa mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon medyor sa Filipino, na ang mga gawaing akademiko ay nakasandig sa masusing pagbasa, pagsulat, pagsusuri, at paggamit ng wika. Dahil sa natatanging katangian ng kanilang disiplina, maaaring iba ang paraan ng paggamit nila sa AI kumpara sa mga mag-aaral sa ibang larangan. Bukod dito, wala pang natukoy na pag-aaral na partikular na nagsusuri sa paggamit at pananaw sa AI ng mga mag-aaral ng BSED Filipino sa Pamantasan ng Cabuyao bilang batayan sa pagbuo ng mga institusyonal na alituntunin para sa responsable at etikal na paggamit ng AI.

Sa pag-iral ng agwat na ito sa literatura, isinagawa ang kasalukuyang pananaliksik upang makapagbigay ng empirikal na ebidensya hinggil sa paggamit at

pananaw ng mga mag-aaral ng BSED Filipino sa AI sa kanilang mga gawaing akademiko. Inaasahang makatutulong ang mga natuklasan sa pagpapalawak ng umiiral na literatura at magsisilbing batayan sa pagbuo ng mga alituntunin at polisiyang higit na angkop sa konteksto ng programa at ng Pamantasan ng Cabuyao para sa responsable, etikal, at makabuluhang integrasyon ng AI sa edukasyon.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang higit na mapalawak ang kaalaman hinggil sa paggamit ng artipisyal na intelihensiya (AI) at makapagbigay ng makabuluhang gabay sa mga tagapagkatuto para sa responsable, etikal, at wastong paggamit nito sa mga gawaing pangakademiko. Kaya naman nilalayon ng pag-aaral na ito na alamin ang antas ng paggamit at pananaw sa AI base sa kanilang akademikong aktibidad pagdating sa usapin ng paggawa ng presentasyon, takdang-aralin, akademikong sulatin, at pag-aayos ng gramatika. Inalam din ng pag-aaral ang antas ng pananaw ng tagapagkatuto sa AI, kabilang ang benepisyo at potensyal na panganib nito batay sa kaalaman sa iba't ibang uri ng AI, pagpapadali sa akademikong gawain, at sa pagprotekta sa personal na impormasyon.

Inalam din ng pag-aaral kung mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng demograpikong propayl ng mga respondente at ang antas ng kanilang pananaw sa AI. Mayroon bang signipikong ugnayan sa antas ng paggamit ng AI ng mga respondente at ang antas ng kanilang pamilyaridad sa AI. Inilalarawan din ng mga tagapagtuto ang kanilang aktwal na karanasan sa paggamit ng AI at sa paanong paraan nito napapadali o napapabuti ang kanilang pagkatuto. Inalam din sa pag-aaral ang mga salik nakakaapekto sa hindi pagganap at hindi palagi ang paggamit ng AI ng mga tagapagtuto. At paano nakakaapekto ang antas, edad, at antas ng pamilyaridad sa AI sa paraan at lalim ng paggamit nito ng mga tagapagtuto sa kanilang akademikong gawain. Mula sa mga lumabas na resulta ng pananaliksik maaaring makabuo ng isang alituntunin na magsisilbing pamantayan o polisiya para sa responsableng paggamit ng AI ng mga tagapagkatuto upang mapaunlad ang kamalayan hinggil sa wastong paggamit ng AI upang maiwasan ang labis na pagdepende rito at mapanatili ang integridad ng pagkatuto.

2. Metodo

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng mixed-method explanatory sequential design upang masuri ang antas ng paggamit at pananaw ng mga mag-aaral sa artipisyal na intelihensiya (Pereda at Laguerta, 2026). Sa unang yugto, isinagawa ang kwantitatibong pananaliksik gamit ang deskriptibo, komparatibo, at korelasyonal na disenyo upang masukat ang dalas ng paggamit, antas ng kaalaman, at pananaw hinggil sa AI. Sinundan ito ng kwalitatibong yugto na nakabatay sa penomenolohikal na lapit upang maunawan ang aktwal na karanasan at interpretasyon ng mga kalahok.

Isinagawa ang pag-aaral sa Pamantasan ng Cabuyao, sa programang Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon medyor sa Filipino, sa taong akademiko 2025-2026. Saklaw nito ang buong proseso mula sa pangangalap hanggang pagsusuri ng datos. Ang mga kalahok ay mga mag-aaral mula sa unang taon hanggang ikaapat na taon. Sa

kwantitatibong bahagi, ginamit ang stratified random sapling upang matiyak ang balanseng representasyon ng bawat antas, samantalang sa kwalitatibong yugto, ginamit ang purposive sampling upang mapili ang walong mga kalahok na makapagbibigay ng mayamang impormasyon kaugnay ng kanilang karanasan sa paggamit ng AI (Pereda et al., 2025). Ang mga napiling kalahok ay yaong (1) aktibong gumagamit ng AI sa kanilang mga gawaing akademiko, (2) nakatapos sa kwantitatibong sarbey, at (3) kusang-loob na nagpahayag ng pagnanais na lumahok sa panayam. Isinagawa ang pagpili hanggang makamit ang puntong wala nang lumilitaw na bagong impormasyon o tema mula sa mga panayam.

Ang pangunahing instrumento ay latanungan na binubuo ng limang bahagi: (1) demograpikong datos, (2) listahan ng AI tools gaya ng ChatGPT, Quillbot, Copilot, Gemini, at Cici/Dola, (3) dalas ng paggamit sa akademikong gawain, (4) antas ng kaalaman sa benepisyong panganiib ng AI, at (5) pananaw sa etikal na paggamit. Sa kwalitatibong bahagi, ginamit ang bahagyang estrukturadong panayam upang tuklasin ang mga bentahe, hamon, at mungkahing hakbang para sa responsableng paggamit ng teknolohiya.

Bago ang aktwal na pangangalap ng datos, isinailalim ang talatanungan sa pagsusuri ng mga dalubhasa sa larangan ng edukasyon, pananaliksik, at paggamit ng AI upang matiyak ang content validity nito. Isinagawa rin ang pilot testing sa mga mag-aaral na hindi kabilang sa aktwal na mga respondente upang masuri ang kalinawan, organisasyon, at pagiging angkop ng bawat aytem. Batay sa resulta ng pilot testing, kinuwenta ang Cronbach's alpha upang matiyak ang internal consistency ng instrumentong ginamit na may value na 0.87 hanggang 0.91. Ang nabuong reliability coefficient ay nagpakitang ang instrumento ay may katanggap-tanggap na antas ng reliability para gamitin sa pag-aaral.

Sa pagproseso ng datos, ginamit ang deskriptibong estadistika (dalas at bahagdan) para sa demograpiko, Mann-Whitney U test para sa pagkakaiba batay sa kasarian, Chi-square test para sa ugnayan ng paggamit at pamilyaridad, Kruskal-Wallis H test para sa pagkakaiba batay sa demograpikong propayl, at Pearson correlation coefficient at Kendall's Tau-b para sa ugnayan ng kaalaman at dalas ng paggamit. Sa kawalitibong bahagi, isinagawa ang tematikong pagsususuri upang matukoy ang mga pangunahing tama gaya ng benepisyong hamon, at etikal na alalahanin.

Bilang isang explanatory sequential mixed-methods na pag-aaral, ginamit ang mga resulta ng kwantitatibong yugto bilang batayan sa pagdidisenyo ng kwalitatibong panayam. Ang mga natuklasan sa sarbey ang nagsilbing gabay sa pagbuo ng mga tanong sa panayam upang higit na maipaliwanag ang mga numerikal na resulta. Matapos ang magkahiwalay na pagsusuri ng kwantitatibo at kwalitatibong datos, isinagawa ang integrasyon ng dalawang uri ng datos sa pamamagitan ng paghahambing at pag-uugnay ng mga natuklasan. Ang prosesong ito ang nagbigay-daan sa pagbuo ng mga meta-inference na naglalarawan kung paano pinagtibay, pinalawak, o ipinaliwanag ng kwalitatibong datos ang mga natuklasan sa kwantitatibong bahagi (Pereda at Laguerta, 2026).

Sa kabuoan, ang metodolohiya ay nagbigay ng komprehensibong pag-unawa sa paggamit ng AI sa akademikong kontekto. Ang maingat na disenyo, balanseng pagpili ng kalahok, at etikal na pangangalap ng datos ay naglatag ng matibay na batayan sa pagbuo ng alituntunin para sa responsableng paggamit ng AI sa edukasyon. Ang metodolohiyang ito ay hindi lamang nagbigay ng larawan ng kasalukuyang kalagayan ng paggamit ng AI sa akademikong konteksto kundi naglatag din ng pundasyon para sa mas epektibo at etikal na integrasyon ng teknolohiya sa pagkatuto.

3. Resulta

Ipinakita ng mga resulta ng pagsusuri na lumilitaw na ang paggamit ng AI sa mga akademikong gawain ay nasa mataas na antas na ($M = 2.85\text{--}3.17$). Ipinakita nito malawak ang pagkilala ng mga mag-aaral sa AI bilang kasangkapan sa pagpapadali ng kanilang gawain. Natukoy ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pamilyaridad at paggamit ng AI ($r = 0.60\text{--}0.70$, $p < 0.05$), na nagpapakita na habang tumataas ang kaalaman ng mga mag-aaral, mas nagiging sistematiko at responsable ang kanilang paggamit.

May makabuluhang pagkakaiba batay sa edad at antas ($p < 0.05$), ang mas batang mag-aaral ay mas bukas sa paggamit ng AI ngunit may tendensiyang umasa rito, samantalang ang mas nakatatanda ay mas nakatatanda ay mas mapanuri at kontrolado ang paggamit. Dagdag pa rito, lumitaw sa kwalitatibong datos ang mga gawaing kaugnay ng responsableng paggamit tulad ng *fact-checking*, pagsusuri ng awtput, at pagprotekta sa personal na impormasyon.

Sa kabuoan, ang pinagsamang resulta ng kwantitatibo at kwalitatibong datos ay nagpapakita na ang AI ay ginagamit bilang mahalagang *pedagogical tool* na ang bisa ay nakasalalay sa antas ng kaalaman, karanasan, at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Talahanayan 1. Demograpikong propayl ng mga respondente batay sa antas.

Antas	Dalas	Porsyento
Unang Antas	49	27.5%
Ikalawang Antas	32	18%
Ikatlong Antas	55	30.9%
Ikaapat na Antas	42	23.6%
Kabuoan	178	100%

Ipinakikita sa Talahanayan 1 ang distribusyon ng mga respondente batay sa kanilang antas sa kolehiyo. Batay sa resulta, pinakamarami ang mga respondente mula sa ikatlong antas (30.9%), sinundan ng unang antas (27.5%), ikaapat na antas (23.6%), at ikalawang antas (18.0%). Ipinahihiwatig nito na respondente ng pag-aaral ang mga mag-aaral mula sa lahat ng antas ng programang Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon medyor sa Filipino, na nagbibigay ng sapat na representasyon ng bawat

pangkat sa pagsusuri ng kanilang paggamit at pananaw sa Artipisyal na Intelhensiya (AI).

Talahanayan 2. Demograpikong propayl ng mga respondente batay sa edad.

Edad	Dalas	Porsyento
18	23	12.9%
19-21	142	79.8%
23-25	13	7.3%
Kabuoan	178	100%

Ipinakikita sa Talahanayan 2 ang distribusyon ng mga respondente batay sa kanilang edad. Batay sa resulta, karamihan sa mga respondente ay nasa edad 19–21 taong gulang (79.8%), sinundan ng mga may edad na 18 taong gulang (12.9%), at 23–25 taong gulang (7.3%). Ipinahihiwatig nito na ang mga respondente sa pag-aaral ay pangunahing nasa karaniwang edad ng mga mag-aaral sa kolehiyo, na angkop sa layunin ng pananaliksik na suriin ang antas ng paggamit at pananaw ng mga tagapagkatuto sa Artipisyal na Intelhensiya (AI).

Talahanayan 3. Demograpikong propayl ng mga respondente batay sa kasarian.

Edad	Dalas	Porsyento
Lalaki	55	30.9%
Babae	123	69.1%
Kabuoan	178	100%

Ipinakikita sa Talahanayan 3 ang distribusyon ng mga respondente batay sa kanilang kasarian. Batay sa resulta, mas marami ang mga babaeng respondente na may kabuoang 123 o 69.1%, samantalang 55 o 30.9% naman ang mga lalaking respondente. Ipinahihiwatig nito na mas mataas ang representasyon ng mga babaeng mag-aaral sa isinagawang pananaliksik, na sumasalamain sa komposisyon ng mga respondente mula sa programang Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon medyor sa Filipino.

Talahanayan 4. Demograpikong propayl ng mga respondente batay sa AI aplikasyon na ginagamit

Gamit na AI App	Dalas	Porsyento
Chat GPT	148	83.1%
Gemini	7	3.9%
Quillbot	5	2.8%
Cici/Dola	12	6.7%
Copilot	6	3.4%
Kabuoan	178	100%

Ipinakikita sa Talahanayan 4 ang distribusyon ng mga respondente batay sa AI aplikasyon na kanilang ginagamit. Batay sa resulta, pinakamarami sa mga respondente ang gumagamit ng ChatGPT (83.1%), sinundan ng Cici/Dola (6.7%), Gemini (3.9%),

Copilot (3.4%), at QuillBot (2.8%). Ipinahihiwatig nito na ang ChatGPT ang pangunahing AI application na ginagamit ng mga mag-aaral sa kanilang mga gawaing akademiko, na nagpapakita ng malawak nitong pagtanggap at paggamit bilang pantulong sa pagkatuto.

Talahanayan 5. Ang antas ng paggamit ng AI ng mga tagapagkatuto sa pang-araw-araw na akademikong aktibidad

Domeyn	Mean	Berbal na Interpretasyon
Paggawa ng Presentasyon	3.07	Mataas
Paggawa ng Takdang Aralin	3.08	Mataas
Paggawa ng Akademikong Pagsulat	3.17	Mataas
Pag-aayos ng Gramatika	2.85	Mataas

Ipinakikita sa Talahanayan 5 ang antas ng paggamit ng Artipisyal na Intelehensiya (AI) ng mga tagapagkatuto sa kanilang pang-araw-araw na akademikong aktibidad. Batay sa resulta, lahat ng domeyn ay nagtamo ng mataas na antas ng paggamit. Pinakamataas ang paggamit ng AI sa paggawa ng akademikong pagsulat ($M = 3.17$), sinundan ng paggawa ng takdang-aralin ($M = 3.08$), paggawa ng presentasyon ($M = 3.07$), at pag-aayos ng gramatika ($M = 2.85$). Ipinahihiwatig ng mga natuklasang ito na malawak na ginagamit ng mga tagapagkatuto ang AI bilang pantulong sa iba't ibang gawaing akademiko, lalo na sa mga gawaing nangangailangan ng pagbuo at paglinang ng nilalaman.

Talahanayan 6. Ang antas ng pananaw ng mga tagapagkatuto sa AI, kabilang ang benepisyo at potensyal na panganib.

Domeyn	Mean	Berbal na Interpretasyon
Kaalaman sa Iba't ibang Uri ng AI	3.16	Mataas
Pagbabadali sa Akademikong Gawain	3.03	Mataas
Pagprotekta sa Personal na Impormasyon	3.57	Napakataas

Ipinakikita sa Talahanayan 6 ang antas ng pananaw ng mga tagapagkatuto sa Artipisyal na Intelehensiya (AI) kaugnay ng mga benepisyo at potensyal na panganib nito. Batay sa resulta, nakapagtala ng napakataas na antas ang pagprotekta sa personal na impormasyon ($M = 3.57$), samantalang kapwa mataas ang kaalaman sa iba't ibang uri ng AI ($M = 3.16$) at ang pananaw sa pagpapadali nito sa mga gawaing akademiko ($M = 3.03$). Ipinahihiwatig nito na positibo ang pananaw ng mga tagapagkatuto sa AI at may mataas silang kamalayan sa kahalagahan ng responsableng paggamit nito, lalo na sa usapin ng pagprotekta sa personal na impormasyon.

Talahanayan 7. Ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng demograpikong propayl ng mga respondente at ang antas ng paggamit nila ng AI batay sa antas.

Mga Baryabol	Kruskal-Walis	p-value	Interpretasyon
Paggawa ng Presentasyon	20.59	<0.001	Mayroong Makabuluhang Pagkakaiba
Paggawa ng Takdang Aralin	4.77	0.189	Walang Makabuluhang Pagkakaiba
Paggawa ng Akademikong Pagsulat	11.86	0.008	Mayroong Makabuluhang Pagkakaiba
Paggawa ng Pag-aayos ng Gramatika	4.29	0.232	Walang Makabuluhang Pagkakaiba

Ipinahihiwatig ng resulta na may impluwensiya ang antas ng pag-aaral sa paggamit ng Artipisyal na Intelehensiya (AI), partikular sa paggawa ng presentasyon at akademikong pagsulat. Maaaring magkaiba ang pangangailangan, lawak ng akademikong gawain, at karanasan sa paggamit ng AI ng mga mag-aaral sa bawat antas ng kolehiyo, kaya nagkakaroon ng pagkakaiba sa paraan at dalas ng paggamit nito sa mga gawaing nangangailangan ng mas mataas na antas ng pag-oorganisa ng ideya at pagbuo ng nilalaman. Samantala, ang kawalan ng makabuluhang pagkakaiba sa paggamit ng AI sa paggawa ng takdang-aralin at pag-aayos ng gramatika ay nagpapahiwatig na ang mga gawaing ito ay karaniwang isinasagawa ng mga mag-aaral sa lahat ng antas gamit ang magkatulad na paraan. Dahil dito, mahalagang isaalang-alang ng mga institusyong pang-edukasyon ang antas ng pag-aaral sa pagbuo ng mga gabay at estratehiya sa responsableng paggamit ng AI, lalo na sa mga gawaing nangangailangan ng mas mataas na kasanayan sa akademikong pagsulat at presentasyon.

Talahanayan 8. Ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng demograpikong propayl ng mga respondente at ang antas ng paggamit nila ng AI batay sa edad.

Mga Baryabol	Kruskal-Walis	p-value	Interpretasyon
Paggawa ng Presentasyon	13.60	<0.001	Mayroong Makabuluhang Pagkakaiba
Paggawa ng Takdang Aralin	1.04	0.595	Walang Makabuluhang Pagkakaiba
Paggawa ng Akademikong Pagsulat	2.45	0.294	Walang Makabuluhang Pagkakaiba
Paggawa ng Pag-aayos ng Gramatika	0.35	0.838	Walang Makabuluhang Pagkakaiba

Ipinahihiwatig ng resulta na may impluwensiya ang edad ng mga tagapagkatuto sa paggamit ng Artipisyal na Intelehensiya (AI) sa paggawa ng presentasyon. Maaaring magkaiba ang antas ng karanasan, kasanayan sa teknolohiya, at pagiging pamilyar sa paggamit ng AI ng mga mag-aaral sa iba't ibang pangkat ng edad, kaya nagkakaroon ng pagkakaiba sa paraan ng paggamit nito sa pagbuo ng mga presentasyon. Samantala, ang kawalan ng makabuluhang pagkakaiba sa paggamit ng AI sa paggawa ng takdang-aralin, akademikong pagsulat, at pag-aayos ng gramatika ay nagpapakita na ang mga gawaing ito ay ginagamit nang halos magkatulad ng

mga mag-aaral anuman ang kanilang edad. Dahil dito, mahalagang isaalang-alang ang mga pagkakaiba sa edad sa pagdidisenyo ng mga programang magpapalawak ng kasanayan sa paggamit ng AI, lalo na sa mga gawaing may kaugnayan sa paghahanda ng mga presentasyong akademiko.

Talahanayan 9. Ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng demograpikong propayl ng mga respondente at ang antas ng paggamit nila ng AI batay sa kasarian.

Mga Baryabol	Kruskal-Walis	p-value	Interpretasyon
Paggawa ng Presentasyon	2.833	0.081	Walang Makabuluhang Pagkakaiba
Paggawa ng Takdang Aralin	2.994	0.215	Walang Makabuluhang Pagkakaiba
Paggawa ng Akademikong Pagsulat	3.253	0.679	Walang Makabuluhang Pagkakaiba
Paggawa ng Pag-aayos ng Gramatika	3.257	0.690	Walang Makabuluhang Pagkakaiba

Ipinahihiwatig ng resulta na ang kasarian ay hindi salik na nakaaapekto sa antas ng paggamit ng Artipisyal na Intelehensiya (AI) sa iba't ibang gawaing akademiko. Ipinakikita nito na kapwa ginagamit ng mga lalaki at babae ang AI sa paggawa ng presentasyon, takdang-aralin, akademikong pagsulat, at pag-aayos ng gramatika sa magkatulad na antas. Dahil dito, maaaring ipalagay na ang paggamit ng AI ay higit na naaapektuhan ng akademikong pangangailangan at personal na karanasan sa teknolohiya kaysa sa kasarian. Ang natuklasang ito ay nagpapahiwatig din na ang mga programang nagtataguyod ng responsable at etikal na paggamit ng AI ay maaaring ipatupad nang pantay sa lahat ng mag-aaral, anuman ang kanilang kasarian.

Talahanayan 10. Ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng demograpikong propayl ng mga respondente at ang antas ng paggamit nila ng AI batay sa gamit na AI aplikasyon.

Mga Baryabol	Kruskal-Walis	p-value	Interpretasyon
Paggawa ng Presentasyon	9.43	0.051	Walang Makabuluhang Pagkakaiba
Paggawa ng Takdang Aralin	3.89	0.422	Walang Makabuluhang Pagkakaiba
Paggawa ng Akademikong Pagsulat	3.05	0.550	Walang Makabuluhang Pagkakaiba
Paggawa ng Pag-aayos ng Gramatika	2.37	0.668	Walang Makabuluhang Pagkakaiba

Ipinahihiwatig ng resulta na ang uri ng AI Aplikasyon na ginagamit ng mga respondente ay hindi nakaaapekto sa antas ng kanilang paggamit ng Artipisyal na Intelehensiya (AI) sa iba't ibang gawaing akademiko. Ipinakikita nito na maging ChatGPT, Gemini, Copilot, QuillBot, o iba pang AI Aplikasyon ang gamitin, nananatiling magkatulad ang antas ng paggamit ng AI sa paggawa ng presentasyon, takdang-aralin, akademikong pagsulat, at pag-aayos ng gramatika. Dahil dito,

maaaring ipalagay na higit na mahalaga ang layunin at paraan ng paggamit ng AI kaysa sa mismong uri ng aplikasyon. Ipinahihiwatig rin ng natuklasang ito na ang mga alituntunin at programang may kaugnayan sa responsable at etikal na paggamit ng AI ay dapat nakatuon sa wastong paggamit ng teknolohiya sa kabuoan, sa halip na sa isang partikular na AI Aplikasyon.

Talahanayan 11. Ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng demograpikong propayl ng mga respondente at ang antas ng kanilang pananaw sa AI batay sa antas.

Mga Baryabol	Kruskal-Walis	p-value	Interpretasyon
Kaalaman sa Iba't ibang uri ng AI	15.43	<0.001	Mayroong Makabuluhang Pagkakaiba
Pagpapadali sa Akademikong Gawain	3.48	0.323	Walang Makabuluhang Pagkakaiba
Pagprotekta sa Personal na Impormasyon	5.61	0.132	Walang Makabuluhang Pagkakaiba

Ipinahihiwatig ng resulta na ang antas ng pag-aaral ng mga respondente ay may impluwensiya sa kanilang kaalaman tungkol sa iba't ibang uri ng Artipisyal na Intelhensiya (AI). Maaaring bunga ito ng pagkakaiba sa lawak ng akademikong karanasan, pagkakalantad sa mga makabagong teknolohiya, at mga gawaing pang-akademiko sa bawat antas ng kolehiyo. Samantala, ang kawalan ng makabuluhang pagkakaiba sa pananaw hinggil sa pagpapadali ng AI sa akademikong gawain at sa pagprotekta sa personal na impormasyon ay nagpapakita na magkakatulad ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa mga benepisyo at responsableng paggamit ng AI, anuman ang kanilang antas ng pag-aaral. Dahil dito, mahalagang higit pang paigtingin ang mga programang nagpapalawak ng kaalaman sa iba't ibang uri at kakayahan ng AI, habang patuloy na pinananatili ang kamalayan ng lahat ng mag-aaral sa etikal at responsableng paggamit nito.

Talahanayan 12. Ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng demograpikong propayl ng mga respondente at ang antas ng kanilang pananaw sa AI batay sa edad.

Mga Baryabol	Kruskal-Walis	p-value	Interpretasyon
Kaalaman sa Iba't ibang uri ng AI	16.19	<0.001	Mayroong Makabuluhang Pagkakaiba
Pagpapadali sa Akademikong Gawain	1.05	0.592	Walang Makabuluhang Pagkakaiba
Pagprotekta sa Personal na Impormasyon	1.85	0.397	Walang Makabuluhang Pagkakaiba

Ipinahihiwatig ng resulta na ang edad ng mga respondente ay may impluwensiya sa kanilang antas ng kaalaman tungkol sa iba't ibang uri ng Artipisyal na Intelhensiya (AI). Maaaring magkaiba ang antas ng pagkakalantad sa mga AI Aplikasyon at ang karanasan sa paggamit ng teknolohiya ng bawat pangkat ng edad, kaya nagkakaroon ng pagkakaiba sa kanilang kaalaman hinggil sa AI. Samantala, ang kawalan ng

makabuluhang pagkakaiba sa pananaw tungkol sa pagpapadali ng AI sa akademikong gawain at sa pagprotekta sa personal na impormasyon ay nagpapakita na magkakatulad ang pagpapahalaga ng mga respondente sa mga benepisyo at responsableng paggamit ng AI, anuman ang kanilang edad. Dahil dito, mahalagang magpatupad ng mga programang magpapalawak ng kaalaman sa iba't ibang uri at kakayahan ng AI para sa lahat ng pangkat ng edad, habang patuloy na pinaunlad ang kamalayan sa etikal at responsableng paggamit nito.

Talahanayan 13. Ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng demograpikong propayl ng mga respondente at ang antas ng kanilang pananaw sa AI batay sa kasarian.

Mga Baryabol	Kruskal-Walis	p-value	Interpretasyon
Kaalaman sa Iba't ibang uri ng AI	3.230	0.629	Walang Makabuluhang Pagkakaiba
Pagpapadali sa Akademikong Gawain	2.941	0.156	Walang Makabuluhang Pagkakaiba
Pagprotekta sa Personal na Impormasyon	3.237	0.627	Walang Makabuluhang Pagkakaiba

Ipinahihiwatig ng resulta na ang kasarian ay hindi nakaaapekto sa antas ng pananaw ng mga respondente hinggil sa Artipisyal na Intelehensiya (AI). Ipinakikita nito na magkatulad ang pananaw ng mga lalaki at babae tungkol sa kaalaman sa iba't ibang uri ng AI, sa kakayahan nitong mapadali ang mga gawaing akademiko, at sa kahalagahan ng pagprotekta sa personal na impormasyon. Dahil dito, maaaring ipalagay na ang paghubog ng positibo, responsable, at etikal na pananaw sa AI ay hindi nakabatay sa kasarian kundi sa iba pang salik tulad ng kaalaman, karanasan, at pagkakalantad sa teknolohiya. Ipinahihiwatig rin ng natuklasang ito na ang mga programang may kaugnayan sa *AI literacy* at responsableng paggamit ng AI ay maaaring ipatupad nang pantay para sa lahat ng mag-aaral, anuman ang kanilang kasarian.

Talahanayan 14. Ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng demograpikong propayl ng mga respondente at ang antas ng kanilang pananaw sa AI batay sa gamit na AI aplikasyon.

Mga Baryabol	Kruskal-Walis	p-value	Interpretasyon
Kaalaman sa Iba't ibang uri ng AI	4.804	0.308	Walang Makabuluhang Pagkakaiba
Pagpapadali sa Akademikong Gawain	0.487	0.975	Walang Makabuluhang Pagkakaiba
Pagprotekta sa Personal na Impormasyon	4.451	0.348	Walang Makabuluhang Pagkakaiba

Ipinahihiwatig ng resulta na ang uri ng AI application na ginagamit ng mga respondente ay hindi nakaaapekto sa kanilang pananaw hinggil sa Artipisyal na Intelehensiya (AI). Ipinakikita nito na magkakatulad ang kanilang kaalaman sa iba't ibang uri ng AI, pananaw sa kakayahan nitong mapadali ang mga gawaing akademiko,

at kamalayan sa kahalagahan ng pagprotekta sa personal na impormasyon, anuman ang AI application na kanilang ginagamit. Dahil dito, maaaring ipalagay na ang paghubog ng pananaw sa AI ay higit na nakabatay sa karanasan at paraan ng paggamit nito kaysa sa partikular na aplikasyon. Ipinahihiwatig rin ng natuklasang ito na ang mga programang nagtataguyod ng *AI literacy* at responsableng paggamit ng AI ay dapat nakatuon sa pagpapaunlad ng wastong kasanayan at etikal na paggamit ng teknolohiya, sa halip na sa isang partikular na AI Aplikasyon.

Talahanayan 15. Ang makabuluhang ugnayan sa antas ng paggamit ng AI ng mga respondente at ang antas ng kanilang pamilyaridad sa AI batay sa paggawa ng presentasyon.

Mga Baryabol	Kendall Tau-B	Berbal na Interpretasyon	p-value	Interpretasyon
Kaalaman sa Iba't ibang uri ng AI	0.255	Weak Positive	<0.001	Mayroong Makabuluhang Pagkakaiba
Pagpapadali sa Akademikong Gawain	0.364	Weak Positive	<0.001	Mayroong Makabuluhang Pagkakaiba
Pagprotekta sa Personal na Impormasyon	0.172	Weak Positive	0.003	Mayroong Makabuluhang Pagkakaiba

Ipinahihiwatig ng resulta na habang tumataas ang antas ng pamilyaridad ng mga respondente sa Artipisyal na Intelehensiya (AI), tumataas din ang antas ng kanilang paggamit nito sa paggawa ng presentasyon. Ipinakikita nito na ang mas malawak na kaalaman sa iba't ibang uri ng AI, ang pagkilala sa kakayahan nitong mapadali ang mga gawaing akademiko, at ang kamalayan sa responsableng paggamit nito ay may kaugnayan sa mas epektibong paggamit ng AI sa pagbuo ng mga presentasyon. Dahil dito, mahalagang paigtingin ang mga programang naglalayong palawakin ang *AI literacy* ng mga mag-aaral upang higit nilang magamit ang AI nang wasto, responsable, at angkop sa mga gawaing akademiko, lalo na sa paghahanda ng mga presentasyon.

Ipinahihiwatig ng resulta na habang tumataas ang antas ng pamilyaridad ng mga respondente sa Artipisyal na Intelehensiya (AI), tumataas din ang antas ng kanilang paggamit nito sa paggawa ng takdang-aralin. Ipinakikita nito na ang mas malawak na kaalaman sa iba't ibang uri ng AI, ang pagkilala sa kakayahan nitong mapadali ang mga gawaing akademiko, at ang kamalayan sa responsableng paggamit nito ay may kaugnayan sa mas epektibong paggamit ng AI sa pagsasagawa ng mga takdang-aralin. Dahil dito, mahalagang patuloy na paunlarin ang *AI literacy* ng mga mag-aaral upang higit nilang magamit ang AI bilang pantulong sa pagkatuto nang responsable, kritikal, at naaayon sa layunin ng kanilang mga gawaing akademiko.

Talahanayan 16. Ang makabuluhang ugnayan sa antas ng paggamit ng AI ng mga respondente at ang antas ng kanilang pamilyaridad sa AI batay sa paggawa ng takdang aralin.

Mga Baryabol	Kendall Tau-B	Berbal na Interpretasyon	p-value	Interpretasyon
Kaalaman sa Iba't ibang uri ng AI	0.271	Weak Positive	<0.001	Mayroong Makabuluhang Pagkakaiba
Pagpapadali sa Akademikong Gawain	0.451	Moderate Positive	<0.001	Mayroong Makabuluhang Pagkakaiba
Pagprotekta sa Personal na Impormasyon	0.100	Weak Positive	0.092	Walang Makabuluhang Pagkakaiba

Talahanayan 17. Ang makabuluhang ugnayan sa antas ng paggamit ng AI ng mga respondente at ang antas ng kanilang pamilyaridad sa AI batay sa paggawa ng akademikong pagsulat.

Mga Baryabol	Kendall Tau-B	Berbal na Interpretasyon	p-value	Interpretasyon
Kaalaman sa Iba't ibang uri ng AI	0.301	Weak Positive	<0.001	Mayroong Makabuluhang Pagkakaiba
Pagpapadali sa Akademikong Gawain	0.513	Moderate Positive	<0.001	Mayroong Makabuluhang Pagkakaiba
Pagprotekta sa Personal na Impormasyon	0.140	Weak Positive	0.018	Mayroong Makabuluhang Pagkakaiba

Ipinahihiwatig ng resulta na habang tumataas ang antas ng pamilyaridad ng mga respondente sa Artipisyal na Intelhensiya (AI), tumataas din ang antas ng kanilang paggamit nito sa akademikong pagsulat. Ipinakikita nito na ang mas malawak na kaalaman sa iba't ibang uri ng AI, ang pagkilala sa kakayahan nitong mapadali ang mga gawaing akademiko, at ang kamalayan sa responsableng paggamit nito ay may kaugnayan sa mas epektibong paggamit ng AI sa pagbuo at pagpapahusay ng mga akademikong sulatin. Dahil dito, mahalagang paigtingin ang mga programang nagtataguyod ng *AI literacy* upang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral na gamitin ang AI bilang pantulong sa akademikong pagsulat nang responsable, kritikal, at naaayon sa mga pamantayan ng akademikong integridad.

Talahanayan 18. Ang makabuluhang ugnayan sa antas ng paggamit ng AI ng mga respondente at ang antas ng kanilang pamilyaridad sa AI batay sa pag-aayos ng gramatika.

Mga Baryabol	Kendall Tau-B	Berbal na Interpretasyon	p-value	Interpretasyon
Kaalaman sa Iba't ibang uri ng AI	0.206	Weak Positive	<0.001	Mayroong Makabuluhang Pagkakaiba
Pagpapadali sa Akademikong Gawain	0.456	Moderate Positive	<0.001	Mayroong Makabuluhang Pagkakaiba
Pagprotekta sa Personal na Impormasyon	0.092	Very Weak Positive	0.118	Walang Makabuluhang Pagkakaiba

Ipinahihiwatig ng resulta na habang tumataas ang antas ng pamilyaridad ng mga respondente sa Artipisyal na Intelehensiya (AI), partikular sa kanilang kaalaman sa iba't ibang uri ng AI at sa pagkilala sa kakayahan nitong mapadali ang mga gawaing akademiko, tumataas din ang antas ng kanilang paggamit nito sa pag-aayos ng gramatika. Samantala, ang kawalan ng makabuluhang ugnayan sa pagprotekta sa personal na impormasyon ay nagpapakita na ang kamalayan sa aspetong ito ay hindi tuwirang nakaaapekto sa paggamit ng AI para sa pagwawasto ng gramatika. Dahil dito, mahalagang paigtingin ang *AI literacy* ng mga mag-aaral, lalo na sa wastong paggamit ng AI sa pagpapahusay ng mga sulatin, kasabay ng patuloy na pagpapaunlad ng kamalayan sa responsableng paggamit at pagprotekta sa personal na impormasyon.

Tema 1. AI Bilang Pantulong sa Akademikong Gawawin

Inilarawan ng mga kalahok ang Artipisyal na Intelehensiya (AI) bilang isang mahalagang pantulong sa kanilang mga akademikong gawain. Lumitaw sa kanilang mga salaysay na hindi lamang ginagamit ang AI upang makakuha ng agarang sagot, kundi bilang kasangkapang tumutulong sa pagbuo ng ideya, pag-oorganisa ng nilalaman, pagpapahusay ng kalidad ng output, pagpapabilis ng pagsasagawa ng mga gawain, at paglinang ng mga konseptong kailangan sa kanilang mga akademikong output. Ipinakikita ng mga karanasang ito na nagsisilbi ang AI bilang suportang teknolohiya na nagpapadali sa proseso ng pagkatuto habang nananatiling mahalaga ang sariling pag-unawa at pagsusuri ng mga tagapagkatuto.

AI bilang gabay sa pagbuo ng ideya. Isa sa mga pangunahing gamit ng AI na binanggit ng mga kalahok ay ang pagtulong nito sa pagkuha ng mga paunang ideya, brainstorming, at pagbuo ng panimulang konsepto bago simulan ang isang akademikong gawain.

PI: "Naghahanap lang ako ng ideya para mas maintindihan ko."

AI sa paggawa ng presentasyon at gawain. Lumitaw rin sa mga salaysay na ginagamit ang AI sa pagbuo ng *outline*, *script*, at lohikal na daloy ng presentasyon. Sa pamamagitan nito, nagiging mas organisado ang nilalaman ng kanilang mga presentasyon at iba pang akademikong gawain.

P2: “Ginagamit ko siya... for example yung mga script... magiging flow nung mismong presentasyon...”

AI sa pagpapabuti ng output. Ayon sa mga kalahok, ginagamit din nila ang AI upang suriin ang kanilang mga natapos na gawain, partikular sa *grammar checking* at pag-aayos ng mga pangungusap upang maging mas malinaw at mas wasto ang kanilang isinulat.

P3: “Pinapa-check ko dun yung ano yung output ko.”

AI sa pagpapabilis ng gawain. Ipinahayag din ng mga kalahok na ginagamit nila ang AI upang mapabilis ang pagsasagawa ng iba't ibang akademikong aktibidad. Dahil sa mabilis nitong pagbibigay ng impormasyon at mungkahi, mas nagiging episyente ang kanilang pagganap sa mga gawaing pangklase.

P5: “Nakakatulong ang AI sa atin, especially sa mga activities...”

AI bilang pinagmumulan ng konsepto. Bukod sa pagbuo ng mga paunang ideya, ginagamit din ang AI upang makakuha ng iba't ibang konsepto at alternatibong pananaw na maaaring gamitin sa pagbuo ng presentasyon at iba pang akademikong gawain.

P8: “Kapag nanghingi ka ng concept kay ChatGPT marami siyang ibibigay...”

Tema 2. Pag-iwas sa Labis na Pagdepende sa AI

Inilarawan ng mga kalahok na bagama't kinikilala nila ang malaking naitutulong ng Artipisyal na Intelighensiya (AI) sa kanilang mga akademikong gawain, hindi nila ito ginagamit sa lahat ng pagkakataon. Lumitaw sa kanilang mga salaysay na sinasadya nilang limitahan ang paggamit ng AI upang mapanatili ang kanilang sariling kakayahan, kritikal na pag-iisip, at kakayahang magsuri ng impormasyon. Ipinakikita ng mga karanasang ito na tinitingnan nila ang AI bilang pantulong lamang sa pagkatuto at hindi bilang kapalit ng sariling kakayahan at pag-iisip.

Pagpapaunlad ng sariling kakayahan. Isa sa mga pangunahing dahilan ng hindi palaging paggamit ng AI ay ang hangarin ng mga tagapagkatuto na mapanatili at mapaunlad ang kanilang sariling kakayahan sa pagsagot at pagbuo ng mga

akademikong gawain. Ayon sa kanila, mas pinipili nilang gawin ang isang gawain nang mag-isa kung kaya naman nila itong tapusin.

P1: “Hindi ko siya masyadong ginagamit... kapag kaya ko namang sagutin yung binigay na takdang-aralin.”

Pag-iwas sa labis na paggamit ng AI. Lumitaw rin sa mga panayam ang pag-aalala ng mga kalahok sa posibilidad ng labis na pagdepende sa AI. Kinikilala nilang maaaring maging hadlang ito sa kanilang sariling pagkatuto kung magiging pangunahing batayan na ito sa pagsasagawa ng mga akademikong gawain.

P2: “Nagiging over dependence sa AI.”

Pagpapanatili ng kritikal na pag-iisip. Binigyang-diin din ng mga kalahok ang kahalagahan ng paggamit ng sariling kaalaman sa pag-aanalisa at paglutas ng mga akademikong gawain. Para sa kanila, hindi dapat mawala ang kakayahang mag-isip nang kritikal kahit may magagamit na AI.

P3: “Kailangan mangibabaw pa rin yung knowledge mo.”

Pagkilala sa limitasyon ng AI. Isa ring dahilan ng hindi palaging paggamit ng AI ay ang pagkilala ng mga kalahok na hindi lahat ng impormasyong ibinibigay nito ay tama o angkop sa bawat sitwasyon. Dahil dito, nagiging maingat sila sa pagtanggap at paggamit ng mga sagot mula sa AI.

P4: “Hindi laging akma o tama yung ibinibigay na impormasyon.”

Pagpapahalaga sa kakayahan ng tao. Lumitaw din sa mga salaysay na naniniwala ang mga kalahok na ang sariling pag-iisip ng tao ay hindi dapat mapalitan ng teknolohiya. Para sa kanila, mahalagang gamitin pa rin ang sariling kakayahan sa pagbuo ng mga akademikong gawain.

P6: “Meron naman tayong sarili nating isip.”

Pagkilala na hindi kayang palitan ng AI ang tao. Ayon din sa mga kalahok, may mga kakayahan at pagpapasyang tanging tao lamang ang maaaring makapagbigay, kaya hindi nila itinuturing ang AI bilang ganap na kapalit ng tao.

P7: “So, hindi nila talaga kayang palitan yung mga ginagawa ng mga tao.”

Tema 3. Responsableng Paggamit ng AI

Lumitaw sa mga salaysay ng mga kalahok na ang paggamit nila ng Artipisyal na Intelehensiya (AI) ay hindi lamang nakatuon sa pagpapadali ng mga akademikong gawain kundi maging sa responsableng paggamit nito. Ipinakita ng mga kalahok ang kanilang kamalayan sa mahahalagang konsiderasyon tulad ng pagprotekta sa personal na impormasyon, wastong pamamahala ng mga *account* na ginagamit sa akademikong gawain, pagtiyak sa katumpakan ng impormasyong ibinibigay ng AI, at maingat na pagsusuri sa mga output bago ito gamitin. Ipinahihiwatig ng mga natuklasang ito na kinikilala ng mga tagapagkatuto ang AI bilang isang kasangkapang nangangailangan ng responsable at etikal na paggamit upang mapanatili ang kalidad at integridad ng kanilang mga akademikong gawain.

Privacy awareness. Isa sa mga pangunahing konsiderasyong binanggit ng mga kalahok ay ang pagprotekta sa kanilang personal na impormasyon habang gumagamit ng AI. Ipinahayag nila na iniwasan nilang maglagay ng sensitibong datos sa mga AI platform upang mapanatili ang kanilang pribasidad at seguridad.

P8: “Hindi ko ginagamit yung personal information ko.”

Data privacy practice. Lumitaw rin sa mga panayam na gumagamit ang ilang kalahok ng hiwalay na account para lamang sa kanilang mga akademikong gawain upang maiwasan ang paghahalo ng personal at akademikong impormasyon.

P3: “Meron talagang account na ginawa... na yung academic lang talaga siya.”

Pagtiyak sa accuracy. Isa pang mahalagang konsiderasyong lumitaw ay ang hindi agarang pagtanggap sa mga sagot ng AI. Binanggit ng mga kalahok na kinakailangan pa ring beripikahin ang mga impormasyong ibinibigay nito bago gamitin sa kanilang mga akademikong gawain.

P4: “Kailangan din talaga yun, dinouble check ko talaga siya.”

Responsableng paggamit. Binigyang-diin din ng mga kalahok na hindi nila direktang kinokopya ang mga output na ibinibigay ng AI. Sa halip, sinusuri at inaangkop nila ang mga ito batay sa kanilang sariling pag-unawa at pangangailangan sa akademikong gawain.

P6: “Hindi ko naman talaga siya talagang kinokopya na gayang-gaya...”

Tema 4. Pagkakaiba sa Antas ng Paggamit ng AI

Ipinakita ng mga kalahok na nagkakaiba ang paraan at lalim ng paggamit ng Artipisyal na Intelihensiya (AI) batay sa edad, antas ng pag-aaral, at antas ng kanilang pamilyaridad sa teknolohiya. Lumitaw sa kanilang mga salaysay na ang mga salik na ito ay nakaaapekto sa paraan ng paggamit ng AI, sa antas ng kritikal na pagsusuri sa mga awtput nito, at sa lawak ng pagdepende ng mga tagapagkatuto sa mga AI-generated na tugon. Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na habang lumalawak ang karanasan at kaalaman ng mga tagapagkatuto sa AI, nagiging mas mapanuri at mas responsable rin ang kanilang paggamit nito sa mga gawaing akademiko.

Mababang kritikal na pagsusuri. Isa sa mga temang lumitaw sa panayam ay ang pagkakaroon ng mas mababang antas ng kritikal na pagsusuri ng ilang tagapagkatuto dahil sa madaling pagkuha ng mga sagot mula sa AI. Ayon sa mga kalahok, may mga gumagamit ng AI na agad tinatanggap ang mga ibinibigay na tugon nang hindi na ito sinusuri o bineberipika.

P3: “Paggamit nila ng AI ay parang automatic yun na yun eh kukunin na nila...”

Pagkakaiba ng henerasyon. Lumitaw rin sa mga salaysay na may pagkakaiba sa pagtanggap at paggamit ng AI batay sa kinabibilangang henerasyon. Ayon sa mga kalahok, mas bukas ang mga kabilang sa Henerasyong Z sa paggamit ng AI dahil mas maaga silang nalantad sa mga makabagong teknolohiya.

P5: “Tayo kasi mga Gen Z tayo... mas open-minded na tayo sa paggamit ng AI...”

Kasanayan sa AI. Binigyang-diin din ng mga kalahok na nagkakaiba ang paraan ng paggamit ng AI depende sa antas ng kanilang kasanayan, partikular sa pagbuo ng mga prompt. Habang lumalawak ang kanilang karanasan sa AI, nagiging mas mahusay silang magbigay ng mga espesipikong utos upang makakuha ng mas angkop na resulta.

P7: “Una nagbabago yung prompt sa edad...”

Pagkakaiba sa antas ng paggamit. Lumitaw rin sa panayam na may pagkakaiba sa antas ng pagdepende sa AI batay sa antas ng pag-aaral ng mga tagapagkatuto. Ayon sa mga kalahok, may mga mag-aaral, lalo na sa mas mababang antas, na higit na umaasa sa AI sa pagbuo ng kanilang mga akademikong awtput.

P8: “Yung mga grade seven students... lahat ng output nila ay galing sa ChatGPT...”

Talahanayan 19. Integrasyon ng mga resulta.

Pokus ng pagsusuri	Kwantitatibong resulta (Numerikal)	Kwalitatibong resulta	Meta-inference
Antas ng paggamit ng AI sa akademikong gawain	Paggawa ng presentasyon ($M = 3.08$ – <i>Mataas</i>); Takdang-aralin ($M = 3.07$ – <i>Mataas</i>); Akademikong pagsulat ($M = 3.17$ – <i>Mataas</i>); Pag-aayos ng gramatika ($M = 2.85$ – <i>Mataas</i>)	Ginagamit ang AI sa ideation, outline, pag-check ng output, at pagpapabilis ng gawain	Ang AI ay integral na sa akademikong gawain ngunit ginagamit bilang <i>support system</i> , hindi kapalit ng cognition
Hindi palagiang paggamit ng AI	Walang makabuluhang pagkakaiba sa ilang baryabol (hal. kasarian: $p > 0.05$); may katamtamang variance sa paggamit	May temang pag-iwas sa labis na pagdepende; pinipili pa rin ang sariling pag-iisip	Ang limitadong paggamit ay indikasyon ng <i>self-regulation</i> , hindi kakulangan
Paggamit sa gramatika at pagsulat	Grammar checking ($M = 2.85$ – <i>Mataas</i>); Academic writing ($M = 3.17$ – <i>Mataas</i>); walang significant difference ($p > 0.05$) sa ilang grupo	AI bilang checker at reviser ng output	Ang AI ay nagsisilbing <i>cognitive assistant</i> sa language refinement, ngunit may human validation pa rin
Pamilyaridad at paggamit ng AI	May makabuluhang ugnayan ($r = 0.60$ – 0.70 , $p < 0.05$) sa pagitan ng pamilyaridad at paggamit	Mas pamilyar - mas maingat, mas kritikal, mas responsable	AI literacy = hindi lang paggamit, kundi <i>ethical and critical engagement</i>
Pagkakaiba ayon sa edad at antas ng paggamit	May sinipikong pagkakaiba sa presentasyon at akademikong pagsulat ($p < 0.05$); walang pagkakaiba sa takdang-aralin at grammar ($p > 0.05$)	Mas batang tagapagkatuto - mas open ngunit mas dependent; mas mataas na antas - mas kritikal	Ang paggamit ng AI ay developmental: mula dependence - strategic use
Uri ng AI application	Walang makabuluhang pagkakaiba ($p > 0.05$) batay sa AI tool na ginagamit	Hindi mahalaga ang tool, kun'di ang gamit nito (ideation, checking, etc.)	Ang value ng AI ay nasa <i>functionality</i> , hindi sa brand/tool

Alituntunin para sa Responsableng Paggamit ng AI

Ang nabuong alituntunin ay pumapatungkol sa responsable, etikal, at wastong paggamit ng Artipisyal na Intelihensiya (AI) sa mga akademikong gawain ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon na may Medyor sa Filipino sa University of Cabuyao. Layunin nitong pangalagaan ang integridad ng akademikong proseso sa pamamagitan ng pagtataguyod ng katapatan, pananagutan, transparency, paggalang sa intelektwal na pag-aari, at pangangalaga sa pribasiya at seguridad ng datos. Binibigyang-diin din na ang AI ay nararapat gamitin bilang katuwang sa pagkatuto at hindi bilang pamalit sa kritikal na pag-iisip, pagsusuri, at orihinal na paglikha ng mga mag-aaral.

Higit pa rito, itinatakdang mga alituntunin ang mga pamantayan na pinahihintulutan, may kondisyon, at ipinagbabawal na paggamit ng mga AI tool sa iba't ibang gawaing akademikong. Inilalahad din nito ang mga kinakailangan sa wastong pagbubunyag ng paggamit ng AI, beripikasyon ng impormasyong nalilikha nito, wastong pagsipi sa AI-assisted na nilalaman, at mga mekanismo ng pagsubaybay at pagpapatupad ng mga alituntunin. Kalakip din ang mga halimbawa ng aplikasyon ng AI, mga gabay sa paggamit nito sa iba't ibang akademikong gawain, at ang mga kaukulang hakbang sa pagtugon sa mga paglabag upang matiyak ang responsable at makabuluhang paggamit ng teknolohiyang ito sa loob ng pamantasan. Para sa kabuoang kopya ng alituntunin, mangyaring makipag-ugnayan sa mga awtor.

4. Diskusyon

Nilayon ng pag-aaral na ito na masuri ang antas ng paggamit at pananaw ng mga tagapagkatuto sa kolehiyo hinggil sa Artipisyal na Intelihensiya (AI) upang makabuo ng mga alituntunin para sa responsable at etikal na paggamit nito sa larangan ng edukasyon. Batay sa kabuoang resulta ng pananaliksik, lumitaw na mataas ang antas ng paggamit ng AI ng mga tagapagkatuto sa kanilang mga gawaing pang-akademiko, partikular sa paggawa ng presentasyon, takdang-aralin, akademikong pagsulat, at pag-aayos ng gramatika. Ang natuklasang ito ay higit pang maipaliliwanag sa pamamagitan ng Technology Acceptance Model (TAM) ni Davis (1987). Ayon sa modelong ito, ang aktwal na paggamit ng isang teknolohiya ay naaapektuhan ng perceived usefulness at perceived ease of use. Bagama't hindi tuwirang sinukat ng kasalukuyang pag-aaral ang dalawang konstruk na ito, ipinahihiwatig ng mataas na antas ng paggamit ng AI sa akademikong pagsulat, presentasyon, at iba pang gawaing pang-akademiko na kinikilala ng mga kalahok ang AI bilang isang kapaki-pakinabang at madaling gamitin na kasangkapan sa kanilang pagkatuto. Kasabay nito, ipinakita rin ng mga kalahok ang positibong pananaw hinggil sa kapakinabangan ng AI bilang suportang kasangkapan sa pagkatuto, bagama't nananatili ang kanilang kamalayan sa mga limitasyon at posibleng panganib na kaakibat ng paggamit nito. Maaari ding ipaliwanag ang natuklasang ito sa pamamagitan ng Unified Theory of Acceptance and Use of Technology (UTAUT) nina Venkatesh et al. (2003). Ipinapalagay ng modelong

ito na ang pagtanggap at paggamit ng teknolohiya ay naapektuhan ng performance expectancy, effort expectancy, social influence, at facilitating conditions. Ang positibong pananaw ng mga kalahok ay nagpapahiwatig na inaasahan nilang makatutulong ang AI sa pagpapahusay ng kanilang pagkatuto at pagsasagawa ng mga gawaing akademiko. Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapahiwatig na suportado ng datos ang pangunahing pagpapalagay ng pananaliksik na may mahalagang papel ang AI sa pagpapadali at pagpapahusay ng mga gawaing akademiko ng mga tagapagkatuto.

Lumabas sa pag-aaral na malawak ang paggamit ng AI sa iba't ibang gawaing akademiko. Pinakamataas ang antas ng paggamit nito sa akademikong pagsulat, kasunod ang paggawa ng takdang-aralin at presentasyon. Ipinahihiwatig nito na itinuturing ng mga tagapagkatuto ang AI bilang mahalagang kasangkapan sa pagbuo ng ideya, pag-oorganisa ng nilalaman, at pagpapahusay ng kalidad ng kanilang mga akademikong output. Sa kwalitatibong resulta, inilarawan ng mga kalahok na nakatutulong ang AI sa pagpapabilis ng proseso ng pagkatuto, paglilinaw ng konsepto, at pagbibigay ng agarang tugon sa kanilang mga pangangailangang akademiko. Gayunpaman, binigyang-diin din nila na hindi nila ganap na ipinaubaya sa AI ang kanilang pagkatuto at patuloy pa rin nilang ginagamit ang sariling pagsusuri at kritikal na pag-iisip sa paggamit nito. Ang resulta ay nagpapakita na ginagamit ng mga tagapagkatuto ang AI bilang suportang kagamitan at hindi bilang pamalit sa kanilang sariling kakayahang intelektwal.

Ang mga natuklasang ito ay umaayon sa mga naunang pag-aaral na nagsasabing ang AI ay may mahalagang ambag sa pagpapahusay ng proseso ng pagkatuto at akademikong gawain ng mga tagapagkatuto. Ayon kina Kasneci et al. (2023), ang mga large language models gaya ng ChatGPT ay nakatutulong sa pagpapahusay ng pagsulat, pagkatuto, at pagbibigay ng puna sa mga tagapagkatuto. Gayundin, ipinakita nina Chan at Lee (2023) na may positibong epekto ang AI sa episyensiya ng pagkatuto at partisipasyon ng mga tagapagkatuto sa loob ng akademikong konteksto. Sa pag-aaral naman nina Mukhamedkarimova et al. (2025), natuklasan na higit na nagiging aktibo at mabilis ang pagkatuto ng mga mag-aaral kapag ginagamit nang wasto ang mga kasangkapang AI. Ang pagkakatulad ng mga natuklasang ito sa kasalukuyang pag-aaral ay nagpapatibay sa pananaw na ang AI ay may malaking potensyal bilang suportang teknolohiya sa edukasyon.

Sa kabilang banda, bagama't positibo ang pananaw ng mga kalahok sa AI, lumitaw din sa pag-aaral na may malinaw silang kamalayan hinggil sa mga potensyal na panganib at limitasyon nito, partikular sa usapin ng pagprotekta sa personal na impormasyon, maling impormasyon, at labis na pagdepende sa teknolohiya. Ang resulta ay nagpapakita na hindi lamang episyensiya ang isinasaalang-alang ng mga tagapagkatuto sa paggamit ng AI kundi maging ang mga etikal at responsableng implikasyon nito. Ang natuklasang ito ay umaayon sa pahayag ng UNESCO (2023) na dapat gamitin ang AI bilang pantulong lamang sa pagkatuto at hindi bilang pamalit sa aktibong pag-iisip at pagsusuri ng mga tagapagkatuto. Kaugnay nito, binigyang-diin nina Huang et al. (2023) na mahalagang magkaroon ng malinaw na paggabay at

polisiya upang maiwasan ang labis na pagdepende sa AI sa larangan ng edukasyon. Ipinapakita lamang nito na mahalagang balansehin ang paggamit ng teknolohiya at pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip upang mapanatili ang integridad ng pagkatuto.

Natuklasan din sa pag-aaral na may makabuluhang pagkakaiba sa ilang aspekto ng paggamit at pananaw sa AI batay sa edad, antas ng pag-aaral, at antas ng pamilyaridad sa AI ng mga respondente. Ipinapahiwatig nito na may impluwensiya ang karanasan, antas ng exposure sa teknolohiya, at akademikong pag-unlad sa paraan ng paggamit at pagtanggap ng mga tagapagkatuto sa AI. Lumabas na ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng pamilyaridad sa AI ay mas episyente at mas responsable sa paggamit nito sa kanilang mga gawaing akademiko. Ang resulta ay umaayon sa Technology Acceptance Model (TAM) ni Davis at sa Unified Theory of Acceptance and Use of Technology (UTAUT) nina Venkatesh et al., na nagsasabing ang persepsyon sa kapakinabangan at kadalian ng paggamit ng teknolohiya ay may malaking impluwensiya sa aktwal na paggamit nito. Kaugnay nito, ipinakita rin nina Potinteu et al. (2023) at Draxler et al. (2023) na ang kaalaman, tiwala sa teknolohiya, at antas ng pamilyaridad ay may mahalagang papel sa pagtanggap at paggamit ng AI.

Samantala, walang natuklasang makabuluhang pagkakaiba batay sa kasarian sa ilang dimensiyon ng paggamit at pananaw sa AI. Ipinahihiwatig nito na ang AI ay ginagamit ng mga tagapagkatuto anuman ang kanilang kasarian at higit na naapektuhan ng antas ng kaalaman, karanasan, at akademikong pangangailangan kaysa sa demograpikong katangiang ito. Ang resulta ay umaayon sa pag-aaral nina Ezeoguine at Eteng-Uket (2024) na nagsasabing walang makabuluhang ugnayan ang kasarian sa antas ng pakikilahok ng mga tagapagkatuto sa paggamit ng AI sa edukasyon. Gayunpaman, may ilang pag-aaral ding nagpapakita ng pagkakaiba sa paraan ng paggamit ng AI ng mga lalaki at babae, gaya ng natuklasan nina Kwakye et al. (2025) at Mogelvang et al. (2024). Ang pagkakaibang ito sa mga resulta ay maaaring maiugnay sa pagkakaiba ng konteksto, kultura, at uri ng populasyong pinag-aralan, kaya mahalagang magsagawa pa ng mas malawak at mas komprehensibong pananaliksik hinggil dito.

Mahalaga ring bigyang-diin na bagama't kinikilala ng mga kalahok ang malaking ambag ng AI sa pagpapadali ng kanilang mga gawain, hindi pa rin nila ito lubusang pinagkakatiwalaan bilang pangunahing batayan ng pagkatuto. Sa kwalitatibong resulta, lumitaw na ginagamit pa rin nila ang sariling pagsusuri, beripikasyon, at pagwawasto sa mga impormasyong ibinibigay ng AI. Ipinahihiwatig nito na nananatiling mahalaga ang papel ng tao sa proseso ng pagkatuto at hindi kayang ganap na palitan ng AI ang kritikal na pag-iisip, pagkamalikhain, at kakayahang magsuri ng mga tagapagkatuto. Pinagtitiyay nito ang pananaw nina Ali et al. (2024) na mahalaga ang AI bilang kasangkapan sa pagbuo ng ideya at pagwawasto ng sulatin ngunit hindi nito dapat palitan ang orihinalidad at intelektwal na kakayahan ng mga tagapagkatuto.

Sa kabilang banda, ang I-PACE Model ay nagsilbing konseptuwal na lente sa pag-unawa sa paggamit ng AI ng mga mag-aaral. Bagama't hindi tuwirang sinukat ng kasalukuyang pag-aaral ang mga emosyonal at sikolohikal na salik na binibigyang-diin ng modelo, ipinakikita ng mga kwalitatibong natuklasan na ang paggamit ng AI

ay naaapektuhan ng mga personal na motibasyon, pangangailangang akademiko, at kakayahan ng mga mag-aaral na magpasya kung kailan at paano ito gagamitin. Iminumungkahi nito na maaaring isama sa mga susunod na pag-aaral ang mas tiyak na pagsusukat sa mga konstruk ng I-PACE upang higit na mapalalim ang pag-unawa sa paggamit ng AI sa edukasyon.

Sa usapin naman ng implikasyon, ipinakikita ng pag-aaral na mahalagang magkaroon ng malinaw na alituntunin at polisiya hinggil sa responsable at etikal na paggamit ng AI sa mga institusyong pang-edukasyon. Ang mabilis na paglaganap ng AI sa akademikong gawain ay nangangailangan ng sistematikong paggabay upang mapanatili ang akademikong integridad, maprotektahan ang datos at personal na impormasyon ng mga tagapagkatuto, at maiwasan ang labis na pagdepende sa teknolohiya. Ipinahihiwatig din ng resulta na mahalagang paunlarin ang AI literacy ng mga tagapagkatuto at guro upang higit nilang maunawaan ang wastong paggamit, limitasyon, at implikasyon ng AI sa pagkatuto. Higit itong mahalaga sa mga tagapagkatuto ng BSED Filipino sapagkat sila ang inaasahang magiging guro ng wikang Filipino. Dahil dito, kinakailangan nilang malinang hindi lamang ang kakayahang gumamit ng AI kundi maging ang kakayahang suriin ang kawastuhan, kaangkupan, at sensibilidad ng mga tekstong nalilikha nito sa konteksto ng wikang Filipino at kulturang Pilipino. Sa ganitong paraan, magiging mas makabuluhan at balanseng kasangkapan ang AI sa loob ng silid-aralan at sa mas malawak na konteksto ng edukasyon.

Sa kabila ng mahahalagang ambag ng pag-aaral, kinikilala rin nito ang ilang limitasyon. Nakatuon lamang ang pananaliksik sa mga tagapagkatutong nagmamayorya sa Filipino sa Pamantasan ng Cabuyao, kaya hindi maaaring ganap na mailapat ang mga resulta sa lahat ng tagapagkatuto sa kolehiyo o sa ibang disiplina. Nakabatay rin ang mga datos sa sariling tugon at karanasan ng mga kalahok, kaya maaaring nakaapekto ang kanilang personal na interpretasyon at antas ng kaalaman sa mga resulta. Hindi rin sinuri sa pag-aaral ang aktwal na akademikong pagganap ng mga respondente batay sa opisyal na marka o akademikong rekord. Dahil dito, inirerekomenda ang pagsasagawa ng mas malawak na pag-aaral na sasaklaw sa iba't ibang institusyon, kurso, at larangan upang higit na mapagtibay ang mga natuklasan ng kasalukuyang pananaliksik.

Sa kabuoan, pinatutunayan ng pag-aaral na ang Artipisyal na Intelehensiya ay may mahalagang papel sa pagpapahusay ng proseso ng pagkatuto at pagsasagawa ng mga gawaing akademiko ng mga tagapagkatuto. Gayunpaman, ipinakita rin ng mga resulta na ang epektibong paggamit ng AI ay nakasalalay hindi lamang sa akses sa teknolohiya kundi sa antas ng kamalayan, kritikal na pag-iisip, at responsableng paggamit nito. Dahil dito, mahalagang maisulong ang balanseng integrasyon ng AI sa edukasyon sa pamamagitan ng malinaw na polisiya, wastong paggabay, at pagpapaunlad ng AI literacy upang matiyak na mananatiling makatao, etikal, at makabuluhan ang proseso ng pagkatuto sa gitna ng mabilis na pag-unlad ng teknolohiya.

6. Konklusyon

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang antas ng paggamit at pananaw ng mga mag-aaral sa artipisyal na intelihensiya (AI) sa kontekstong akademikong. Batay sa mga datos, natuklasan na karamihan sa mga respondente ay kababaihan mula sa ikatlong antas, may edad 19–22 taong gulang, at pangunahing gumagamit ng ChatGPT sa kanilang mga akademikong gawain. Ipinakita ng resulta na mataas ang antas ng paggamit ng AI sa paggawa ng presentasyon, takdang-aralin, akademikong pagsulat, at pagsasaayos ng gramatika, na nagpapahiwatig ng malawak na pagtanggap sa teknolohiya bilang pantulong sa pagkatuto.

Lumabas din na positibo ang pananaw ng mga mag-aaral sa AI at may sapat silang kaalaman hinggil sa benepisyo, panganib, at etikal na paggamit nito. May makabuluhang pagkakaiba sa paggamit batay sa edad at antas ng pag-aaral, ngunit walang pagkakaiba batay sa kasarian at uri ng aplikasyon. Natukoy ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng paggamit at pamilyaridad sa AI, kung saan habang mas pamilyar ang tagapagkatuto, mas epektibo at responsable ang paggamit.

Ang mga natuklasan ay nagpapakita na ang AI ay nakatutulong sa pagpapadali ng pagkatuto at pagpapabuti ng akademikong gawain, subalit ang labis na paggamit ay maaaring makaapekto sa kritikal na pag-iisip. Ipinapakita rin na ang edad, antas ng pag-aaral, at pamilyaridad sa AI ay nakaaapekto sa lalim at paraan ng paggamit nito. Sa kabuuan, natugunan ng pag-aaral ang layunin nitong masuri ang antas ng paggamit at pananaw ng mga mag-aaral, at nakapagbigay ng empirikal na batayan para sa pagbuo ng mga patakaran sa responsableng paggamit ng AI.

Bilang ambag sa larangan ng edukasyon, ipinapakita ng pag-aaral ang kahalagahan ng integrasyon ng literasyang pang-AI sa kurikulum upang mapanatili ang akademikong integridad at etikal na paggamit ng teknolohiya. Ang mga rekomendasyon ay nakatuon sa paggamit ng AI bilang pantulong sa pagkatuto, hindi bilang kapalit ng sariling pag-iisip. Inirerekomenda sa mga guro ang pagbuo ng malinaw na gabay sa etikal na paggamit ng AI, sa mga magulang ang aktibong paggabay sa paggamit ng teknolohiya, at sa mga administrador ang pagpapatupad ng mga programang pang-edukasyon hinggil sa AI literacy.

Sa kabuoan, iminungkahi ng pag-aaral ang pagsasagawa ng mas malalim na pananaliksik hinggil sa kasanayan sa AI literacy ng mga mag-aaral at ang pagbuo ng empirikal na batayan para sa mga polisiya sa paggamit ng AI. Sa kabuuan, ang pag-aaral ay nagbigay ng makabuluhang kontribusyon sa pag-unawa sa papel ng AI bilang pedagogical tool at sa pagtataguyod ng responsable, etikal, at ligtas na paggamit nito sa edukasyon.

Pagkilala

Lubos na ipanapaabot ang taos-pusong pasasalamat sa lahat ng mga tagasuri (peer reviewers) sa kanilang mga makabuluhang puna, mungkahi, at rekomendasyon na magsisilbing gabay sa pagpapahusay ng manuskrito.

Pahayag ng Salungatan ng Interes

Ipinahahayag ng may-akda na wala siyang anumang salungatan ng interes.

Mga Sanggunian

- Ali, O., Murray, P. A., Momin, M., Dwivedi, Y. K., & Malik, F. T. (2024). The effects of artificial intelligence applications in educational settings: Challenges and strategies. *Technological Forecasting and Social Change*, 199(123076), 123076–123076. <https://doi.org/10.1016/j.techfore.2023.123076>
- Altememy, H. A., Mohammed, B. A., Hsony, M. K., Hassan, A. Y., Mazhair, R., Dawood, I. I., Al Jouani, I. S. H., Zearah, S. A., & Sharif, H. R. (2023). The influence of the artificial intelligence capabilities of higher education institutions in Iraq on students' academic performance: The role of AI-based technology application as a mediator. *Eurasian Journal of Educational Research (EJER)*, 104, 267–282. <https://openurl.ebsco.com/contentitem/gcd:173081550?sid=ebsco:plink:crawler-gcd&id=ebsco:gcd:173081550&crl=c&jml=1302597X>
- Chan, C. K. Y., & Lee, K. K. W. (2023, May 4). The AI generation gap: Are Gen Z students more interested in adopting generative AI such as ChatGPT in teaching and learning than their Gen X and Millennial Generation teachers? *arXiv.org*. https://arxiv.org/abs/2305.02878?fbclid=IwY2xjawRNYkBLEHRuA2FlbQlXMABiCmlkETfVZHM3ZDnHYnhGNnBhVvY2c3J0YwZhcHBfaWQQMjlyMDM5MTc4ODIwMDg5MgABHhRzYlIdalg7GSaUkw9KdPVjsN_cN2bYiuVyR5OP_HZWSN0uU_LpFTi4uGZtj_aem_el6MJxwtoghCcBhM8WUcg
- Davis, F. (1987). User Acceptance of Information Systems : The Technology acceptance model (TAM). https://www.researchgate.net/publication/30838394_User_acceptance_of_information_systems_the_technology_acceptance_model_TAM
- Digital Education Council. (2024, August 7). What Students Want: Key Results from DEC Global AI Student Survey 2024. *Digitaleducationcouncil.com*. <https://www.digitaleducationcouncil.com/post/what-students-want-key-results-fromdec-global-ai-student-survey-2024>
- Draxler, F., Buschek, D., Tavast, M., Hämäläinen, P., Schmidt, A., Kulshrestha, J., & Welsch, R. (2023, October 10). Gender, age, and technology education influence the adoption and appropriation of LLMs. *arXiv.org*. https://arxiv.org/abs/2310.06556?fbclid=IwY2xjawRNYQ9leHRuA2FlbQlXMABiCmlkETfVZHM3ZDnHYnhGNnBhVvY2c3J0YwZhcHBfaWQQMjlyMDM5MTc4ODIwMDg5MgABHhmoNXlPRcCcQQDYZTY6FqboRHq5jLT3Z6HDMFQN0EJphBkjoIGvzueFFii_aem_4wg7HUmYyc2ddmEj2f_4Q
- Ezeoguine, E. P., & Eteng-Uket, S. (2024). Artificial intelligence tools and higher education student's engagement. *Edukasiana: Jurnal Inovasi Pendidikan*, 3(3), 300–312. <https://doi.org/10.56916/ejip.v3i3.733>
- Huang, A. Y. Q., Lu, O. H. T., & Yang, S. J. H. (2023). Effects of artificial Intelligence–Enabled personalized recommendations on learners' learning engagement, motivation, and outcomes in a

flipped classroom. *Computers & Education*, 194(104684), 104684.
<https://doi.org/10.1016/j.compedu.2022.104684>.

Kasneci, E., Sessler, K., Küchemann, S., Bannert, M., Dementieva, D., Fischer, F., Gasser, U., Groh, G., Günemann, S., Hüllermeier, E., Krusche, S., Kutyniok, G., Michaeli, T., Nerdel, C., Pfeffer, J., Poquet, O., Sailer, M., Schmidt, A., Seidel, T., ... Kasneci, G. (2023). ChatGPT for Good? On Opportunities and Challenges of Large Language Models for Education. *Learning and Individual Differences*, 103(102274). <https://doi.org/10.1016/j.lindif.2023.102274>

Kwakye, I. N., Kwakye, K. a. P., Adom-Fynn, D., Mensah, F. E., & Agyei, S. D. (2025b). Exploring the use of generative artificial intelligence tools among University Students in Ghana. *Discover Education*, 4(1). <https://doi.org/10.1007/s44217-025-00608-1>.

Møgelvang, A., Bjelland, C., Grassini, S., & Ludvigsen, K. (2024). Gender differences in the use of generative artificial intelligence chatbots in higher education: Characteristics and consequences. *Education Sciences*, 14(12), 1363. <https://www.mdpi.com/2227-7102/14/12/1363>

Mukhamedkarimova, D. F., & Umurkulova, M. M. (2025). Factors contributing to higher education students' acceptance of artificial intelligence: A Systematic review. *European Journal of Educational Research*, 14(4), 1373–1388. <https://doi.org/10.12973/eu-jer.14.4.1373>.

Pereda, Z. P., Picardal, R. F., Baiddin, A. J. B., & Ricamara, C. J. J. (2025). Pagtulay sa agwat: Mga karanasan ng mga mag-aaral mula sa probinsya sa pakikisalamuha sa bagong kapaligiran. *Journal of Multidisciplinary in Education*, 2(3), 1–9. <https://doi.org/10.63305/620776>

Pereda, Z. P. & Laguerta, M.. (2026). SARILING KAKAYAHAN NG MGA GURO AT ANTAS NG PAGGAMIT SA TEKNOLOHIYANG PANG-EDUKASYON: ISANG MIXED-METHOD NA PANANALIKSIK. *Journal of Multidisciplinary in Education*. 2. 10.63305/737703.

Potinteu, A.E., Renftle, D., & Nadia S. (2023). What Predicts AI Usage? Investigating the Main Drivers of AI Use Intention over Different Contexts. <https://osf.io/download/jvdpe/>

Truelogic Marketing. (2024, June 11). Truelogic, Inc. Truelogic.
<https://www.truelogic.com.ph/blog/truelogic-episode-105-recap-adoption-of-ai-in-thephilippines/>.

UNESCO. (2023). Guidance for Generative AI in Education and Research. In *Unesco.org*.
<https://www.unesco.org/en/articles/guidance-generative-ai-education-and-research>

Venkatesh, V., Morris, M. G., Davis, G. B., & Davis, F. D. (2003). User acceptance of information technology: Toward a unified view. In *MIS Quarterly* (Vol. 27, Issue 3, pp. 425–478).
https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_id=3375136

Ambag ng May-akda: Ambag ng mga May-akda: Alcala, R.M.; Pagpapatunay, pangangalap, at pagsusuri ng mga datos, pagsulat ng manuskrito, at pag-edit nito. Alinsunurin, C.; Pagsulat ng introduksiyon, pangangalap at pagsusuri ng mga datos, at pagsulat ng manuskrito. Baloloy, S.C.; Pangangalap at pagsusuri ng mga datos at

pagsulat ng manuskrito. Moras, I.J.; Pagbuo ng mga biswal na presentasyon, pangangalap at pagsusuri ng mga datos, at pagsulat ng manuskrito. Pereda, Z.P.; Disenyo ng pag-aaral, pagbuo ng pamamaraan, pangangasiwa sa kabuuan ng pag-aaral, at kritikal na pagsusuri ng manuskrito.